## Ang Kasaysayan ng Paglikha

1 Nang simulang likhain ng Diyos ang
lupa at ang langit, 2 ang lupa ay
wala pang hugis o anyo. Dilim ang
bumabalot sa kalaliman at umiihip ang
malakas na hangin sa ibabaw ng tubig.
3 Sinabi ng Diyos: "Magkaroon ng liwa-
nag!" At nagkaroon nga. 4 Nasiyahan
ang Diyos nang ito'y mamasdan. Pinag-
bukod niya ang liwanag at ang dilim.
5 Ang liwanag ay tinawag niyang Araw,
at ang dilim naman ay tinawag na Gabi.
Dumaan ang gabi, at sumapit ang umaga
—iyon ang unang araw.
6 Sinabi ng Diyos: "Magkaroon ng
kalawakang maghahati sa tubig upang
ito'y magkahiwalay!" 7 At nangyari ito.
Ginawa ng Diyos ang kalawakan na
pumagitan sa tubig na nasa itaas at nasa
ibaba. 8 Langit ang itinawag niya sa kala-
wakan. Dumaan ang gabi, at sumapit
ang umaga—iyon ang ika-2 araw.
9 Sinabi ng Diyos: "Magsama sa isang
dako ang tubig sa silong ng langit upang
lumitaw ang lupa." At ito'y nangyari.
10 Ang lupa ay tinawag niyang Daigdig,
at Karagatan naman ang nagsama-
samang tubig. Nasiyahan siya nang ito'y
mamasdan. 11 Pagkatapos, sinabi ng
Diyos: "Magkaroon sa lupa ng lahat ng
uri ng halamang namumunga at nagbu-
butil!" At nangyari ito. 12 Tumubo nga
sa lupa ang gayong mga halaman. Nasi-
yahan siya sa kanyang ginawa nang ito'y
mamasdan. 13 Dumaan ang gabi, at suma-
pit ang umaga—iyon ang ika-3 araw.
14 Sinabi pa ng Diyos: "Magkaroon
ng mga tanglaw sa langit para mabukod
ang araw sa gabi. Ito ang magiging bata-
yan sa bilang ng mga araw, taon at
kapistahan. 15 Mula sa langit, ang mga
ito'y magsasabog ng liwanag sa daigdig."
At gayon nga ang nangyari. 16 Nilikha
ng Diyos ang dalawang malaking tang-
law: ang Araw, upang tumanglaw sa
maghapon, at ang Buwan, upang magbi-
gay liwanag kung gabi. Nilikha rin niya
ang mga bituin. 17 Inilagay niya sa langit
ang mga tanglaw na ito upang magsabog
ng liwanag sa daigdig, 18 tumanglaw
kung araw o gabi, at magbukod sa liwa-
nag at dilim. Pinagmasdan ng Diyos ang
kanyang ginawa at siya'y nasiyahan.
19 Dumaan ang gabi, at sumapit ang
umaga—iyon ang ika-4 na araw.
20 Sinabi pa ng Diyos: "Magkaroon
sa tubig ng maraming bagay na may
buhay, at magkaroon din ng mga ibon sa
himpapawid." 21 Nilikha ng Diyos ang
mga dambuhala sa dagat, at lahat ng
bagay na nabubuhay sa tubig, at lahat
ng uri ng ibon. Minasdan niya ang
kanyang ginawa, at siya'y nasiyahan.
22 Pinagpala niya ang mga ito at sinabi:
"Magpakarami ang lahat ng bagay na
nabubuhay sa tubig at punuin ang kara-
gatan; magpakarami rin ang mga ibon
at punuin ang daigdig." 23 Dumaan ang
gabi, at sumapit ang umaga—iyon ang
ika-5 araw.
24 Sinabi ng Diyos: "Magkaroon ng
lahat ng uri ng hayop sa lupa—maaamo,
maiilap, malalaki at maliliit." At gayon
nga ang nangyari. 25 Nilikha nga niya
ang lahat ng ito, at siya'y lubos na nasi-
yahan nang mamasdan ang mga ito.
26 Pagkatapos likhain ang lahat ng
ito, sinabi ng Diyos: "Ngayon, lalangin
natin ang tao. Ating gagawin siyang

kalarawan natin. Siya ang mamamahala
sa mga isda, mga ibon at lahat ng hayop,
maging maamo o mailap, malaki o ma-
liit." 27 Nilalang nga ng Diyos ang tao
ayon sa kanyang larawan. Lumalang siya
ng isang lalaki at isang babae, 28 at sila'y
pinagpala. Wika niya, "Magpakarami
kayo at punuin ng inyong mga supling
ang buong daigdig, at pamahalaan ito.
Binibigyan ko kayo ng kapangyarihan sa
mga isda, sa mga ibon, at sa lahat ng
maiilap na hayop, maging malalaki o
maliliit. 29 Bibigyan ko rin kayo ng lahat
ng uri ng butil at mga bungangkahoy na
inyong makakain. 30 Ang lahat ng hala-
mang luntian ay ibibigay ko naman sa
maiilap na hayop, malaki man o maliit,
at sa lahat ng mga ibon." At ito nga ang
nangyari. 31 Pinagmasdan ng Diyos ang
lahat niyang ginawa, at lubos siyang
nasiyahan. Dumaan ang gabi, at sumapit
ang umaga–ito ang ika-6 na araw.

2 Gayon nilikha ng Diyos ang lupa,
ang langit at lahat ng bagay na
naroroon. 2 Sa loob ng anim na araw,
tinapos niyang likhain ang lahat ng ito,
at siya'y nagpahinga sa ika-7 araw. 3 Pi-
nagpala niya ang ika-7 araw at itinangi,
sapagkat sa araw na ito siya nagpahinga
matapos likhain ang lahat. 4 Ganito ang
pagkalikha sa lupa at sa langit.

### Ang Halamanan ng Eden

Nang likhain ni Yahweh ang lupa at
lahat ng bagay sa langit, 5 wala pang anu-
mang halaman o pananim sa lupa, sapag-
kat wala pang ulan noon at wala pa ring
magsasaka. 6 Ngunit mayroon nang bukal
ng tubig na dumidilig sa lupa.

7 Nilikha ng Diyos ang tao mula sa
alabok, hiningahan sa ilong, at nagka-
roon ng buhay.

8 Naglagay si Yahweh ng isang hala-
manan sa Eden, sa dakong silangan, at
doon dinala ang taong kanyang nilalang.
9 Pinasibol niya roon ang lahat ng uri ng
kahoy na nakalulugod sa paningin at
masasarap ang bunga. Sa gitna ng hala-
manan, naroon ang punong nagbibigay-
buhay, at ang punong nagbibigay ng
kaalaman tungkol sa mabuti at masama.

10 Umaagos sa Eden ang isang ilog na
dumidilig sa halamanan. Paglabas doon,
ito'y nahahati sa apat na sanga. 11 Ang
una ay tinawag na Pison, at ito'y uma-
agos sa lupain ng Havila. 12 Lantay ang
ginto roon at marami ring bedelio at
batong onice. 13 Ang ika-2 sanga ng ilog
ay tinawag namang Gihon, at umaagos
sa lupain ng Etiopia. 14 Tigris naman ang
itinawag sa ika-3 sanga, at umaagos na-
man ito sa silangan ng Asiria. Ang ika-4
na sanga ay ang Eufrates.

15 Inilagay ni Yahweh ang tao sa
halamanan ng Eden upang ito'y panga-
lagaan at pagyamanin. 16 Sinabi niya
sa tao, "Makakain mo ang alinmang
bungangkahoy sa halamanan, 17 maliban
sa bunga ng punongkahoy na nagbibi-
gay ng kaalaman tungkol sa mabuti at
masama. Huwag na huwag mong kaka-
nin ang bungang iyon; mamamatay ka
kapag kumain ka niyon."

18 Matapos gawin ang lahat ng ito,
sinabi ni Yahweh, "Hindi mainam na
mag-isa ang tao; bibigyan ko siya ng
makakasama at makakatulong." 19 Kaya,
lumikha siya ng mga hayop sa parang at
ibon sa himpapawid, inilapit sa tao, at
ipinaubaya dito ang pagbibigay ng pa-
ngalan sa mga iyon. Kung ano ang kan-
yang itawag, iyon ang magiging pangalan
nila. 20 Ang tao nga ang nagbigay ng
pangalan sa lahat ng ibon at mga hayop,
maging maamo o mailap. Ngunit wala
isa man sa mga ito ang angkop na kasa-
ma at katulong niya.

21 Kaya't pinatulog ni Yahweh ang
tao. Samantalang nahihimbing, kinuha
niya ang isang tadyang nito at pinaghi-
lom ang laman sa tapat niyon. 22 Ang
tadyang na iyo'y ginawa niyang isang
babae, at inilapit sa lalaki. 23 Sinabi ng
lalaki,

"Sa wakas, narito ang isang tulad
ko,
Laman ng aking laman, buto ng
aking buto;
Babae ang siyang itatawag sa kaniya
Sapagkat sa lalaki nagmula siya."

24 Ito ang dahilan kaya iniiwan ng lalaki
ang kanyang ama at ina upang sumama
sa kanyang asawa, sapagkat sila'y nagi-
ging iisa.

25 Kapwa sila hubad, gayunma'y hindi
sila nahihiya.

### Nagkasala ang Tao

3 Ang ahas ang pinakatuso sa lahat ng
hayop na nilikha ni Yahweh. Minsa'y tinanong nito ang babae, "Totoo bang sinabi ng Diyos na huwag kang kakain ng anumang bungangkahoy sa halamanan?"
2 Tumugon ang babae, "Hindi naman! Ipinakakain sa amin ang anumang
bunga sa halamanan, 3 huwag lamang
ang bunga ng puno na nasa gitna niyon. Pag kami raw ay kumain ng bunga nito o humipo man lamang sa punong iyon, mamamatay kami."
4 "Hindi totoo iyan, hindi kayo ma-
mamatay," wika ng ahas. 5 "Gayon ang
sabi ng Diyos, sapagkat alam niyang kung kakain kayo ng bunga niyon, magkakaroon kayo ng pagkaunawa. Kayo'y magiging parang Diyos; malalaman ninyo ang mabuti at masama."
6 Napakaganda sa paningin ng babae
ang punongkahoy at sa palagay niya'y masarap ang bunga nito. Nabuo sa isipan niya na mabuti ang maging marunong, kaya't pumitas siya ng bunga at kumain. Kumuha rin siya para sa kanyang asawa,
at kumain din ito. 7 Nagkaroon nga sila
ng pagkaunawa matapos kumain. Noon nila nalamang sila'y hubad, kaya kumuha sila ng mga dahon ng igos, pinagtagnitagni at ginawang panakip sa katawan.
8 Pagdadapit-hapon, narinig nilang
naglalakad sa halamanan si Yahweh, ka-
ya't nagtago sila sa kahuyan. 9 Datapwat
tinawag ni Yahweh ang lalaki at tinanong, "Saan ka naroon?"
10 "Natakot po ako nang marinig ko
kayong nasa hardin; nagtago po ako sapagkat ako'y hubad," tugon ng lalaki.
11 "Sinong may sabi sa iyong hubad
ka?" tanong ng Diyos. "Bakit, kumain ka ba ng bungang ipinagbabawal ko?"
12 "Kasi, pinakain po ako ng babaing
ibinigay ninyo sa akin," tugon ng lalaki.
13 "Bakit mo naman ginawa iyon?"
tanong ng Diyos sa babae.

"Mangyari po'y nilinlang ako ng ahas, kaya ako natuksong kumain," tugon naman niya.

### Inihayag ng Diyos ang Kaparusahan

14 At sinabi ni Yahweh sa ahas:

"Sa iyong ginawa'y may parusang dapat,
Na tanging ikaw lang yaong magdaranas;
Ikaw ay gagapang, ang hatol kong gawad,
At alikabok ang pagkaing dapat.
15 Kayo ng babae'y laging mag-aaway,
Binhi mo't binhi niya'y laging maglalaban.
Ito ang dudurog ng ulo mong iyan,
At ang sakong niya'y ikaw ang tutuklaw."
16 Sa babae nama'y ito ang salaysay:
"Sa pagbubuntis mo ay mahihirapan,
Lalo kung sumapit ang 'yong pagluluwal;
Ang lalaking ito na asawang hirang,
Susundin mong lagi habang nabubuhay."
17 Hinarap naman ng Diyos si Adan
at ganito ang sinabi:
"Pagkat nakinig ka sa asawang hirang
Nang iyong kainin yaong bungang bawal;
Sa nangyaring ito, ang lupang tanima'y
Aking susumpain magpakailanman,
Ang lupaing ito para pag-anihan
Pagpapawisan mo habang nabubuhay.
18 Mga damo't tinik ang 'yong aanihin,
Halaman sa gubat ang iyong kakanin;
19 Upang pag-anihan ang iyong bukirin,
Magpakahirap ka hanggang sa malibing.
Yamang sa alabok, doon ka nanggaling
Sa lupang alabok ay babalik ka rin."
20 Eva ang itinawag ni Adan sa kan-
yang asawa, sapagkat ito ang ina ng
sangkatauhan. 21 Ang mag-asawa'y binig-
yan ni Yahweh ng mga damit na yari sa balat ng hayop.

### Pinalayas sa Hardin si Adan at si Eva

22 Sinabi ni Yahweh: "Katulad na
natin ngayon ang tao, sapagkat alam na

niya ang mabuti at masama. Hindi na
siya dapat tulutang kumain ng bungang-
kahoy ng buhay at baka hindi na siya
mamatay." 23 Kaya, pinalayas sa hala-
manan ng Eden ang tao upang magbung-
kal ng lupang kanyang pinagmulan.
24 Pinalayas nga siya ng Diyos, at sa
dakong silangan ng halamanan ng Eden
ay naglagay siya ng bantay na kerubin.
Naglagay rin siya ng espadang nagnini-
ngas upang hindi malapitan ninuman
ang punongkahoy ng buhay.

**Karapatan sa Pagmamay-ari**
**(Copyright)**
**PHILIPPINE BIBLE SOCIETY**
**890 United Nations Avenue**
**Manila, Philippines**

MAGANDANG BALITA BIBLIA
(may Deuterocanonico)
Tagalog Bible TPV 52-53-56P-DC Series
PBS 80.2 (20M)-1
Unang Limbag

**Bagong Tipan: c Philippine Bible Society 1973**
**Mga Mapa: c United Bible Societies 1976, 1978**